REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 98-008**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, MGGL. JAIME R. FRESNEDI NA LUMAGDA SA ISANG "SUPPLEMENTAL CONTRACT" PARA SA MGA PROYEKTONG PAGLALAGAY NG "DEEPWELL" (P618,493.96), AT "SERVICE WIRE AND STREET LIGHT" (P1,184,275.04) SA MUNTINLUPA POLYTECHNIC COLLEGE.**
*************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng proyekto, (**MUNTINLUPA POLYTECHNIC COLLEGE** Phase I) na matatagpuan sa *Muntinlupa National High School Compound, NBP Reservation, Poblacion, Lungsod ng Muntinlupa* ay isa sa mga pangunahing programa ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** noong **3 Setyembre 1997**, ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay pumasok sa kasunduan sa *F.L.B. Construction Corporation* para sa pagpapagawa ng proyekto, at upang maipagawa ang daraanang kalsada at Land Development ng lupa na pinagtatayuan nito, ang *Pamahalaang Lungsod* ay muling pumasok sa kasunduan **(Negotiated Contract)** sa nabanggit na kontratista bilang **VARIATION ORDER NO. 1** para sa karagdagang **"Scope of Works";**

**SAPAGKAT,** batay sa mga nilagdaang kontrata, ang proyekto ay tinatayang matatapos sa Setyembre ng taong kasalukuyan at sa aktuwal na paggawa rito, ang nabanggit na gusali ay halos siyamnapu't walong **(98%)** porsiyentong tapos;

**SAPAGKAT,** sa implementasyon ng proyekto, ang paglalagay ng **"DEEPWELL"** na may halagang **(P618,443.96)** at "**SERVICE WIRE and STREET LIGHT** na may halagang **(P1,184,275.04)** batay sa itinatakda ng Pamahalaang Lungsod **(Approved Agency Estimate)** ay hindi kasama sa itinatayong gusali;

**SAPAGKAT,** ang paglalagay ng mga nabanggit na pasilidad ay kailangang-kailangan upang matugunan ang ngayon ay ginagamit ng gusali;

**SAPAGKAT,** upang mabilis na maisakatuparan ang paglalagay ng nasabing mga pasilidad, ang kasalukuyang kontratista ay inalok ng Pamahalaang Lungsod upang ipagpatuloy ang paggawa ng proyekto sa halaga na itinakda ng batas **(Approved Agency Estimate);**

**SAPAGKAT,** ayon sa probisyon ng batas **(PD 1594),** ang paggagawad ng proyekto sa kasalukuyang kontratista sa pamamagitan ng negosasyon (Supplemental Contract) ay maaaring isakatuparan kung ang proyekto ay ginagawa ng kasalukuyang kontratista, ang itutuloy na proyekto ay karatig o kanugnog ng ginagawang proyekto, ang pagpapatuloy ng proyekto ay hindi kayang gawin ng Pamahalaang Lungsod ***"by Administration"*** at ang kontratista ay hindi nahuhuli sa takdang panahon ng paggawa *(No negative Slippage)*;

REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod



**SAPAGKAT,** ang paggawa ng kasalukuyang kontratista ay hindi nahuhuli sa takdang panahon ng pagpapagawa;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng *Ikalawang (2nd) Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* na pagkalooban ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Mggl. Jaime R. Fresnedi, na pumasok sa isang **"SUPPLEMENTAL CONTRACT"** sa *F.L.B. Construction Corporation* para sa mga proyektong paglalagay ng **"DEEPWELL"** sa halagang ***Animnaraan Labing Walong Libo, Apatnaraan Apatnapu't Tatlong Piso, at 96/100*** **(P618,443.96)** at **"SERVICE WIRE and STREET LIGHT"** sa halagang ***Isang Milyon, Isandaan Walumpu't Apat na Libo, Dalawangdaan Pitumpu't Limang Piso at 04/100*** **(P1,184,275.04)**.

**SINANG-AYUNAN:**

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**KGG. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**KGG. ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**KGG. BAL NIEFES**
*Konsehal*

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**KGG. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**KGG. MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor/*
*Pangulo, Pederasyon ng*
*Sangguniang Kabataan*

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor/*
*Pangulo, Samahan ng mga*
*Punongbarangay*

**LIBAN:**

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Punong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 8-19-98

norie/